



## SPU MANILA CELEBRATES BUWAN NG WIKA

In keeping with the celebration of "Buwan ng Wika," we share the following articles from *The Paulinian*:

Agosto 11, 2019

Isinulat ni Aaliyah Cua


### Wikang Atin, Ipagbunyi

Ang buwan ng wika ng taong 2019 ay nagsimula noong ika-isa ng Agosto na may temang "Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino." Ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino o KWF, ang temang ito ay matagal na ring pinaplano. Ang sagisag ng Buwan ng Wika para sa taong ito ay nagtatampok ng tatlong mahahalagang aspekto: ang disenyo ng panghabi mula sa iba't ibang katutubong grupo, sari-saring kulay, at ang titik "ka" na nakasulat sa baybayin sa gitna ng sagisag ng KWF.

Ang pagpili ng tema para sa taong 2019 ay alinsunod sa pahayag ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization o UNESCO na ngayong taon ay taon ng katutubong wika. Pinagpasyahan ng KWF na ibase rito ang tema dahil nais nilang pagpapahalagan ang katutubong wika at pati na rin ang multilinggualismo upang lalong mabuksan ang isip nating mga Pilipino.

Kaya rin napagpasyahan ang tema ay dahil gustong ikampanya ng KWF ang sarili nating wika. Sa dami ng ating wika, ang nakakalugmok na katotohanan ay marami rin dito ang nanganganib na mawala nang tuluyan. Base sa *Ethnologue: Languages of the World*, 185 ang bilang ng wika sa buong Pilipinas ngunit 183 na lamang ang patuloy na nabubuhay, habang marami pa ang maaaring patuloy na maglaho. Isa rin sa mga dahilan sa pagpili ng tema ay upang maitatag at makilala ang KWF bilang isang komisyon para sa wika ng mga Pilipino na nangangalaga ng wikang katutubo at nagsusulong ng karapatang pangwika ng mga mamamayan.

Ang wika natin ay isang malaking parte ng kultura at pagkakakilanlan tulad ng ating tradisyon, kasaysayan, at panitikan. Ngunit sa kasalukuyang panahon, mapapansin ang unti-unting pagkalimot sa pagpapayaman ng Filipino at iba pang katutubong wika kung saan apektado rin ang mga sining na sakop nito. Dahil dito, hinihikayat tayo ng KWF na makilahok sa mga programa na inilahad nila para sa Buwan ng Wika at nang makihayat tayo sa pagpapatupad ng mga malilikhaing programa para sa pagdiriwang na ito. Ang St. Paul Manila



ay nakikilahok sa adbokasiyang ito kung kaya'y nagkakaroon ng regular na pagdiriwang para sa Buwan ng Wika.

Ang mga balak ngayong taon ay talagang nakapupukaw at nakatutuwa, ngunit ang kalagayan ng ating mga wika ay nakalulungkot dahil marami na sa mga Pilipino ngayon ang mababa lamang ang tingin sa wikang atin at mas ginugusto ang paggamit ng wikang dayuhan. Dahil dito, ang kakayahan sa paggamit ng wikang atin ay humihina, na siyang nag-aambag sa paglaho ng ating mga makukulay na salita. Ito ay talagang nakalulungkot, ngunit ang tangi kong mungkahi ay ang hikayatin kayo na pagpahalagahan at tangkilikin ang sariling atin dahil ito ang ating kayamanan na kahit kailan ay hindi natin mapapalitan, patunay na ang wikang atin ay dapat nating ipagbunyi.

\* \* \* \* \*

Agosto 11, 2019

Isinulat ni Ashley Bremer Martin

### **Wikang Katutubo: Alagaan at Pagyamanin**

Kung ikaw ay may kayamanan at hindi mo pinangalagaan, dalawa lamang ang pwedeng mangyari: maaaring kunin ng iba ang iyong kayamanan o maaaring mawala ito.

Ang Pilipinas ay mayaman sa napakaraming wika at dayalekto. Ito ay pamana pa ng kultura at kasaysayan na humubog sa bawat pamayanan upang magkaunawaan tungo sa kapayapaan at pag-unlad. Ang pagkakaroon ng wika ay nangangahulugan na ang isang bansa ay malaya at may pagkakakilanlan.

Ngunit, maraming wikang katutubo ang nanganganib na mawala sapagkat hindi na ito napagtutuunang pansin ng pamahalaan, at maraming likhaing katutubo ang maaaring mawala kung ito ay hindi pangangalagaan ng pamahalaan at ng ating mga kababayan. Ayon sa tala ng *Ethnologue: Languages of the World*, mayroong 185 na mga wika sa bansa, at marami rito ang itinuturing na *dying language*. Karamihan dito ay ginamit pa ng ating mga ninuno. Bahagi ng pamana ng ating mga ninuno ang wika kaya kapag ito ay namatay, para na ring namatay ang malaking bahagi ng ating lahi.

Dahil dito, nararapat na palusugin ang mga katutubong panitikan dahil ito ay nagsisilbing kaalaman sa kanilang pinagmulan at sariling pagkakakilanlan. Dapat nang kumilos ang bawat Pilipino upang maabot ang adhikain na pangalagaan at pagyamanin ang kanyang sariling wika. Nagkakaroon ng pagbabago sa wika na maaaring dahilan upang maibaon sa limot ang mga wika na ating kinagisnan. Hindi rin naman masama kung ang isang tao ay may maraming alam na wika; ito ay maganda pa nga dahil ang komunidad na nagsasalita ng wikang iyon ay maaari niyang lahukan, at ito ay maaaring makapagbigay ng sa kanya ng kakayahan upang sila ay magkaunawaan. Maaaring ang wika ay nagpapakita ng pagkakaiba, ngunit napagbubuklod naman nito ang bawat isa tungo sa isang magandang layunin.

Samantala, sa paglaganap ng makabagong teknolohiya at idagdag pa ang impluwensya ng *social media*, hindi naman masama kung magkaroon ng pagbabago sa wika. Maganda pa nga ito dahil naipamamalas ng ating mga kababayan ang pagiging malikhain sa pagbuo ng mga bagong salita mula sa wikang kolokyal. Pero sana ay gamitin rin ng ating mga kababayan ang pagiging malikhain upang pagyamanin pa ang ating wika tungo sa paghatid at paglikha ng karunungan. Hindi lamang natatapos sa Buwan ng Wika ang pagmamahal sa sariling wika. Nararapat na ang bawat Pilipino ay humikayat ng kapwa Pilipino na pahalagahan ang wikang pambansa kasama ang iba pang mga dayalekto na napaloloob dito. Ang wika ay iginuhit ng kasaysayan, at ito ay hindi dapat mabura sa ating isipan. Sa pamamagitan ng wika, maaari tayong magpahayag ng ating imahinasyon at malayang kaisipan upang maipadama ang ating saloobin, ngunit hindi ito dapat maging kasangkapan upang tayo ay makapanakit ng iba.

Ang bawat wika ay ginawang instrumento ng pagkakaunawaan tungo sa makabuluhang diskusyon at para makabuo ng mga bagong kasanayan at ideya na maaaring bumago sa mundo. Dapat ingatan at mahalín ang sariling wika dahil ito ay sagisag ng ating kalayaan. Ang bawat wika at dayalekto ay dapat payabungin upang mapagbuklod ang bansa tungo sa isang maunlad at matatag na pamumuhay. Nararapat din na ang sarili nating wika ay bigkasin, ipagmalaki, at palaganapin upang umunlad ang nasyonalismo at ang pagpapalaganap ng tamang pagrespeto sa wika ng bawat tao.

## **PAULINIAN FEATURED IN ALASKAN NEWSPAPER**

A nursing graduate of St. Paul Manila, Flor Alquetra, was featured in a newspaper in Alaska recently:

### **BECOMING ALASKAN Fairbanks Daily News-Miner D5**



"In the summer of 2015 I gave myself a break and came here to Fairbanks. It was just for two weeks vacation," Flor Alquetra said, explaining how she first came to Alaska after three years in California. She was visiting her boyfriend, Ken Santiago, who she had met the previous year. "That was summertime, and we were fishing and camping and all of that fun stuff when I felt something different. I didn't go back to California at all. I decided to stay here. I know there's not a lot in Fairbanks, there's not a mall, you can't see anything. But I'm not the type of person who enjoys shopping or going out I look forward to fishing and camping. I'm that type of girl."

Alquetra was born and raised in the Philippines. Her father was with the U.S. Navy, meaning she was a citizen at birth, but she grew up in her Filipina mother's

home in Subic. "My childhood was very memorable," she said. "I think it's part of my inspiration. Sometimes when I get stressed I think of how I grew up in Subic. It's very simple, but I had a lot of friends." She said Subic is similar in size to Fairbanks, describing it as "calm and relaxing, like a province, but a more modern province."

As a child, she would visit her father and half-sister in California in the summer. In the Philippines, she attended a private school where English was spoken, so she grew up familiar with American English. After high school, she attended St. Paul University in Manila. At first, I didn't want to be a nurse, I wanted to be an architect," she said. But her parents encouraged her to pursue nursing since it's a high-demand occupation. "And I eventually loved it more than I can ever think of."

In 2012, after graduating, "I moved here with my brother to San Jose. We have a half-sister there." Alquetra wanted to get her nursing license in America and needed two more classes to qualify. Then she took the licensure exam for the National Council of State Board of Nursing.

Eventually she moved to Alaska and worked in the Fresenius Kidney Care. "In the ER, patients come and go, but in dialysis you get to know your patients well. You get to be a part of their lives. I feel like I have more than a nursing role in their lives." Because she spends so much time with each patient she learns about their lives and concerns and feels she becomes a supportive friend in addition to being their nurse. "It can be very crazy at times, but that's part of the job." Alquetra said she used to be somewhat materialistic, but life has taught her to find joy in simplicity. "Simple things make me happy. Seeing a friend makes me happy," she said. "Simplicity makes me happy. It's classic."

### **SHARING...PICTURE OF NEW CLASSROOMS**



### **CONDOLENCES**

The Paulinian Family condoles with:

Minnie Favis-Bernardino (HS 1961) on the death of her husband, Mike

Teresa Tordesillas-Orense (HS 1973) and Honey Tordesillas  
(HS and AB) on the passing of their brother, Jessie

Doris Lopez (HS 1964) on the death of her sister, Carmen

Madeleine Balagtas-Tuviera on the death of her brother, George.

